TALONG

Scientific Name: *Solanum melongena Linn.*
Family: Solanaceae

Ang talong ay isa sa pinakakilalang gulay ditto sa Pilipinas. Isa itong pangunahing sangkap sa “pinakbet”. Ginagawa rin itong tortilyang talong.

Katutubong uri: *Negros Purple, Pampanga Purple at Simmeda*

Uring banyaga: *Black Beauty at Golden Gate*

Mayroong dalawang uring pinagbuti ng Bureau of Plant Industry (BPI):

1) *Dingras “long purple”* na isa-isa lamang ang bunga
2) *Dingras Multiple Purple* na kumpol-kumpol ang bunga.

Maitatanim ang dalawang uring ito sa buong taon, maging tag-araw o tag-ulan.

Tumutubo ito sa lahat ng uri ng lupa, ngunit lalong mabuti kung sa lupang tumana o lagkitin maitatanim.

Paraan ng Pagtatanim

Araruhin ang lupa minsan o makalawa, at sundan ng pagsusuyod ang bawat pag-aararo. Kung may malalaking tigkal ng lupa, hayaang mabilad nang isang linggo bago patubigan. Suyurin at patagin ang lupa.

Pasibulin ang mga binhi sa punlaang 15 sentimetrong taas ng pinong lupa, 45 sentimetrong lapad, at 60 sentimetrong haba. Isabog ang mga binhi at saka tabunan ng pinong lupa sa kapal na kalahating sentimetro. Alisin ang labis na punla at ilipat sa isa pang punlaan upang maging malusog ang pananim. Patubigan ang punlaan bago ilipat-tanim ang malulusog na punla sa bukid na may 50-60 sentimetrong agwat sa hanay ng mga tudling na may 80-100 sentimetrong pagitan. Patubigan ang mga bagong-lipat na tanim at takpan upang maliliman.

Maglagay ng humigit-kumulang sa 10 toneladang dumi ng hayop kung mayroon at dagdagan ng 12-24-12 sa daming 345-400 kilo sa bawat ektarya. Sa paglilipat-tanim, isabay ang paglalagay ng abono sa mga tudling. Magbudbod ng nitrohenong abono sa gilid ng mga pananim sa tudling minsan o makalawa sa panahon ng pagtubo nito. Maglagay ng 100-150 kilong ammonium sulfate o kaya'y 45-55 kilong urea bawat ektarya.

Pitasin kaagad ang mga bunga sa sandaling umabot ang mga ito sa hustong laki habang nangingintab ang bunga.

Ang mga kulisap na namiminsala sa talong ay ang mga uwang, flea beetles, lady beetles, ngusong-kabayo, mga hanip (mites) at kuto (aphids) sa halaman. Bombahin ang mga pananim ng Malathion upang maligtas sa mga kulisap na ito.

Ang mga sakit na pumipinsala sa talong ay ang bacterial wilt, phythopthera, phomopsis at anthracnose. Ito'y maaaring masugpo sa pamamagitan ng pag-iiba-iba ng pananim tulad ng mais, mungo at mani.